

Fact Sheet ng Code ng Pagkain #30

Ano ang dapat mong malaman tungkol sa Code

WWW.HEALTHOREGON.ORG
/FOODSAFETY

OAR 333-150-0000, MGA PAKAHULUGAN

(1) Ang “**Pang-isahang gamit na plastic straw**” ay nangangahulugang tubo na pangunahing gawa sa plastic na nanggaling sa petroleum o bayolohikal na base sa polymer, gaya ng mais o ibang halamang pinagkunan, na ang layunin ay:
(a) Ilipat ang likido mula sa lalagyan patungo sa bibig ng consumer;
(b) Para sa isahang-gamit; at
(c) Itapon pagkatapos gamitin nang isang beses.

(2) Hindi kabilang sa “**pang-isahang gamit na plastic straw**” ang:
(a) Straw na gawa sa mga materyal maliban sa plastic, kabilang ngunit hindi limitado sa papel, pasta, tubo, kahoy o kawayan; at
(b) Plastic straw na nakakabit sa o nakabalot sa lalagyan ng inumin bago inialok para ibenta ang lalagyan ng inumin.

OAR 333-150-0000, KABANATA 4-502.13(C) Pang-isahang Serbisyo at mga Gamit na Pang-isahang Gamit, Limitasyon sa Paggamit

(A) Ang pang-isahang serbisyo at mga gamit na pang-isahang gamit ay hindi maaaring gamitin muli.

(B) Ang tubong pansalin ng malaking lalagyan ng gatas ay dapat putulin nang pahilis na nag-iwan ng hindi sobra sa isang pulgada na nakaikli mula sa ulo ng pinalamig na dispensing head.

- (C)
- (1) Ang provider ng pagkain o inumin o convenience store ay maaaring walang ibibigay na pang-isahang gamit na plastic straw sa consumer maliban kung espesipikong hiniling ng consumer ang pang-isahang gamit na plastic straw.
 - (2) Maaaring ialok ng pasilidad ng pagkain at inumin ang pang-isahang gamit na plastic straw sa consumer na nakaupo na o nasa sasakyan.
 - (3) Maaaring mag-iwan ang convenience store ng mga pang-isahang gamit na straw sa lokasyong hindi binabantayan kung wala silang espasyo sa lokasyong binabantayan ng mga empleyado.
 - (4) Ang convenience store ay maaaring magbenta o mag-alok ng mga pang-isahang gamit na straw para ibenta nang bultuhan o walang kaugnayan sa pagbebenta o probisyon ng pagkain o inumin.

Mga Plastic na Straw sa mga Pasilidad na Nagseserbisyo ng Pagkain

Ang Senate Bill 90 na ipinasa sa panahon ng 2019 na sesyon ng lehislatibo, na naghigpit sa mga establisyemento sa pagbibigay ng mga plastic straw sa mga customer maliban kung tiyak nilang hilingin. Ang empleyado na nagseserbisyo ng pagkain ay maaari lamang mag-alok ng plastic na pang-isahang gamit na straw sa customer kapag sila ay nasa kanilang sasakyan sa drive-thru.

Ang paghihigpit na ito ay hindi angkop sa mga pasilidad ng pangangalaga sa kalusugan o mga pasilidad ng pangangalagang pangtahanan na nagbibigay ng mga straw sa mga pasyente o mga residente.

Ang mga convenience store ay maaaring maghanda ng pang-isahang gamit na straw sa mga consumer sa lokasyong hindi binabantayan basta ang convenience store ay walang espasyo kung saan walang mapaglalagyan ng mga straw sa lokasyon kung saan nagbibigay ng serbisyo ang mga empleyado sa mga customer. Ang operator na ang bahala kung saan ilalagay ang mga straw at kung mayroon silang sapat na espasyo.



Ang mga straw ay dapat hilingin ng customer maliban kung ang customer ay nasa sasakyan

Karagdagang impormasyon:

- Ang mga straw ay hindi maaaring isama sa mga bag ng pagkain ng mga customer sa drive-thru
- Kasama sa paghihigpit na ito ang maliit na cocktail straw
- Maaaring magpaskil ang mga pasilidad ng karatula na nakalagay na dapat humingi ang customer o sabihin sa kawani kung gusto nila ng straw
- Ang mga pasilidad na nagpapa-order online ay hindi maaaring gumamit ng ‘check box’ o iba pang pagpapahiwatig tungkol sa mga straw. Ang customer (o serbisyo sa paghahatid) ay dapat humiling ng mga straw sa oras na kukunin na ang order
- Ang maraming gamit, makinis at mga straw na madaling linisin gaya ng bubog o metal ay pinapayagan nang walang anumang paghihigpit
- Ang bawat straw na ginagamit nang maraming ulit ay dapat hugasang mabuti gamit ang maliit na brush, banlawan at i-sanitize sa bawat paggamit
- Ang mga kawayang straw ay hindi pinapayagan dahil hindi makinis ang mga ito at hindi madaling linisin
- Ang pang-isahang gamit na mga nabubulok na papel na straw ay pinapayagan nang walang paghihigpit
- Ang mga plant/plastic polymer na straw ay hindi pinapayagan